

## Paano maisasakatuparan ang misyon nito?

### Unang paraan: (1) **EDUKASYON**

Ang paghalal ng mabubuting pinuno ay nakasalalay sa uri ng mga botanteng mayroon tayo. Nakakamit ng isang bansa ang uri ng mga pinuno na inihalal nito. Hindi natin maibubunton ang sisi sa mga “trapo” lamang sapagkat tayo rin mismo ang nagluklok sa mga ito. Kaya’t binibigyan ng pinakamataas na prayoridad ang **EDUKASYON**. Nilalaman at layunin ng edukasyon ang: **PANGKALAHATANG KABUTIHAN; PAGHUBOG NG PAGKATAO; DI PABAGO-BAGONG ETIKA NG BUHAY; PAGHUBOG NG PAGPAPAHALAGA** [Batayang Prinsipyo] at **BATAYANG EDUKASYONG POLITIKAL** [kasama ang mabuting pagkamamamayan].

### Pangalawang paraan: (2) **KILOS POLITIKAL**

Sa pamamagitan lamang ng **AKP**, wawasakin natin ang masamang politika; patutunayan natin na ang politika ay maaaring maging daan upang mahalina ang ating kapwa at maitaguyod ang katarungan, tunay na kapayapaan, mga karapatang pantao at ang pangkalahatang kabutihan.

Bibigyang tuon at diin nito: hindi ang politika ng pansariling kapakinabangan kundi ng panuntunang moral, hindi ng kapakanan lamang ng mayayaman at makapangyarihan kundi ng kapakanan ng mahihirap at mahihina, hindi ng hangarin ng iilan kundi ng tuluyang pagsisikap na matamo ang kabutihang panglahat, hindi ng kultura ng digmaan at karahasan kundi ng kultura ng buhay at kapayapaan.

Kung ihahambing sa ibang partido politikal, ang **AKP** ay katangi-tangi sa pagkakaroon nito ng plataporma na may malinaw at tiyak na mga layuning pampatakaran na kung saan ang lahat ng mga kandidatong pambansa at lokal nito ay naninindigang sumusuporta sa kabuuang plataporma ng Partido. Kung may iisa silang himig na may pamagat na “Pangkalahatang Kabutihan”, ang mga kandidato nito ay maihahambing sa mga miyembro ng isang orkestra na tumutugtog nang tugma at lumilikha ng perpektong simponiya. Wala ni isa mang sintunadong nota ang pahihintulutan.

**Politika ng Kabutihang-Asal.** Pasisimulan ng **AKP** ang “politika ng kabutihang-asal.” Ang paglinang ng mabuting asal ay nagbubunga ng masaya, matalino, matibay ang loob, at may-kakayahang pagkatao. Ang paglinang ng mabuting asal ay magdudulot ng isang mabuti at responsableng mamamayan at mga mapagkakatiwalaan at nananagutang pinuno. Kung hindi mabuti ang taong-bayan, hindi maisasaayos ang lipunan. At kapag hindi malinis ang lipunan, hindi makakamit ng tao ang kanyang angkin o pangkalahatang kabutihan. Ito ang ibig sabihin ng *politika ng kabutihang-asal*.

**Politika ng Panunungkulan.** Nakawawasak sa ating kulturang politikal ang sobrang pagdiin sa mga karapatan na may pagsasaisangtabi sa mga tungkuling kaalinsabay. Kung gagawin lamang ng bawat isa ang kanyang tungkulin, wala nang dahilan ang

bawat isa na ipagdiin pa ang kanyang karapatan. Muling bubuhayin ng **AKP** ang kaisipan na ang maliliit na pagmamalasakit ay makalilikha ng kabutihan para sa lahat. Marapat tandaan na “bagamat bawat isa ay may karapatang gawin ang nais niya para sa sarili, silang lahat ay kolektibong nananagutan sa daigdig na kanilang kinabibilangan.”

Naniniwala ang **AKP** na “mag-iiba ang kinabukasan kung babaguhin natin ang kasalukuyan.” Malinaw na ang **AKP** ay isang makabuluhang alternatibo sa mga kasalukuyang partido politikal sa bansa.

## **SALIGANG-BATAS AT MGA TUNTUNIN**

(Artikulo II: Batayang Prinsipyo)

### **Seksyon 1. Pananampalataya sa Panginoong Diyos.**

**Seksyon 2. Buhay at Dignidad ng Tao.** Naniniwala ang **AKP** na bawat buhay ng tao ay sagrado simula sa pagkabuo hanggang sa natural na kamatayan; na ang tao ay higit na mahalaga kaysa mga bagay; at na sukatan ng bawat institusyon ay kung pinapayabong nito o hindi ang buhay at dignidad ng tao...

**Seksyon 3. Pamilya, Komunidad at Pakikilahok.** Ang tao ay hindi lamang sagrado ngunit likas ring maibigin sa pakikipamuhay sa kapwa...

**Seksyon 4. Mga Karapatan at Responsibilidad.** Bilang mga kasapi sa lipunan, ang ating mga relasyon ay binabalot ng sapot ng mga karapatan at kaagapay na mga tungkulin...

**Seksyon 5. Pagkiling sa Dukha at Mahina.** Ang moral na pagsubok sa isang lipunan ay kung paano itinuturing ang pinakamahihinang kasapi nito...

**Seksyon 6. Dignidad ng Paggawa at Karapatan ng mga Manggagawa.** Dapat paglingkuran ng ekonomiya ang taumbayan, hindi kabaligtaran...

**Seksyon 7. Solidaridad.** Dulot ng pagkakawing-kawing ng lahat ng mga kasapi ng pamilya ng buong daigdig, mayroon tayong moral na responsibilidad na panindigan ang pangkalahatang kabutihan sa lahat ng antas - sa lokal na mga komunidad, sa ating bansa, at sa komunidad ng mga bansa. Tayo ang tagakupkop ng ating kapwa, saan man sila naroroon...

**Seksyon 8. Pagkalinga sa Likha ng Diyos.** Ipinagkatiwala sa atin ang mundong nilikha ng Diyos kayat ang paggamit natin dito ay dapat may pagtugon ayon sa plano ng Diyos, hindi dapat sa simpleng bunga ng ating pansariling kapakinabangan...

**Seksyon 9. Kapayapaan at Aktibong Pakikilahok na Walang Karahasan.** Ang daan tungo sa lubos na pag-unlad ay hindi sa paraan ng karahasan, pakikibaka o poot; ito ay nasa paraan ng pag-ibig, kapatiran at mapayapang solidaridad...

## **PLATAPORMANG POLITIKAL**

### Dimensyong Ispiritwal

1. Sundan ang Kaharian ng Diyos at sundin ang Kanyang pagkamatwid.

### Dimensyong Moral

2. Itaguyod ang kabuuang pag-unlad at lubos na kagalingan ng lahat ng mga Filipino – sa loob at labas ng paaralan – sa pamamagitan ng paghubog ng pagkatao, ng tamang pagpapahalaga, ...hindi nagbabagong etika ng buhay at batayang edukasyong politikal.

3. Lansagin ang mga istrukturang panlipunan na sinasamba ang mga baril, "sex" at pornograpiya, ang kultura ng kamatayan at karahasan, kawalang-katapatan, bisyo, materyalismo at hedonismo, at palitan ang mga ito ng mga istruktura ng kabutihang-asal, kapayapaan, responsibilidad at mabuting gawa.

4. Alisin ang lahat ng anyo ng sugal, pinatatakbo man ng pamahalaan o ng pribadong sektor.

5. Ipawalang-bisa ang parusang kamatayan.

6. Wakasan ang "torture" at paggamit ng dahas sa pagpapaamin sa mga pinaghihinalaang may sala.

7. Tapusin ang karahasan sa lahat ng mga "fraternities" sa mga paaralan at iba pang institusyon, gayundin sa mga paligsahan na ang tanging layunin ay ang pananakit o paggamit ng dahas sa katunggali.

8. Aktibong itaguyod ang pagiging responsableng magulang at ang natural na pagpapalano ng pamilya.

9. Baguhin ang oryentasyon ng "mass media" tungo sa pagtataguyod ng mga pagpapahalaga na nakatutulong sa pagbuo ng pambansang paninindigan na *maka-Diyos, maka-bayan at makatao*.

### Patakarang Pandaigdig

10. Tuparin ang propesiya ni Isaiah: “Sila (mga taumbayan) ang siyang huhulma ng kanilang mga espada upang gawing araro [plowshares] at ng kanilang mga sibat upang gawing kalawit [pruning hooks], ang bansa ay hindi magtataas ng espada laban sa ibang bansa, hindi rin sila muling magsasanay para sa digmaan (lipunang walang-baril); sila ay magiging isang bansang kaibigan ng lahat at hindi kaaway ninuman; sila ay magpupursigi ng kapayapaan batay sa pag-ibig, katarungan, pagbabalik-loob, aktibong pakikilahok na walang-karahasan at progresibong pagdidis-arma ng lahat ng mga bansa.”

### Dimensyong Panlipunan: *Mabuting Pamamahala*

11. Pawalang-bisa ang sistemang “pork barrel” sa anumang anyo at anupamang ngalan nito.

12. Bigyan ng pinakamataas na prayoridad ang mga proyekto at mga programa para sa mahihirap, mga walang tirahan, matatanda, mga bilanggo, mga may-kapansanan, mga beterano at mga kabataan; suportahan ang mga "non-government organizations" o samahan na

ang mga proyekto ay tuwirang nagbibigay pakinabang sa mga maralita.

13. Magtakda ng representasyon sa harap ng Korte Suprema upang maipatupad ang mabilisang pamamahala at paggawad ng katarungan.
14. Tiyakin ang mabilisan at patuloy na pag-unlad pang-ekonomiko para sa patuloy na pagbawas ng karalitaan at higit na de-kalidad na buhay para sa lahat...
15. Tiyakin ang "transparency" at "public accountability" sa lahat ng mga aktibidad at transaksyon ng pamahalaan; Palakasin at pagalingin ang pagmamatyag laban sa katiwalian sa pamahalaan, pag-aabuso ng awtoridad at pag-aaksaya sa lahat ng tatlong sangay ng pamahalaan at sa lahat ng antas ng burokrasya; marapat na mabuhay ang mga opisyal publiko sa abot lamang ng kanilang kita at iwaksi ang pagkabalagsak.
16. Ipatupad sa pamamagitan ng aksyong kriminal/administratibo ang di-paglikida ng mga opisyal publiko ng kanilang mga "cash advance" sa loob ng makatwirang panahon batay sa itinatakda ng batas o regulasyon.
17. Magsagawa ng masinsinang pagsusuri ng lahat ng mga sistema, palakad at gabay sa "pagbili" [procurement] sa lahat ng mga institusyon ng pamahalaan upang mawakasan ang katiwalian.
18. Itaguyod ang ligtas, malinis, malusog at kapakipakinabang na kapaligiran, lalo na ang "zero-waste management"; itaguyod ang pangangalaga sa kapaligiran; at itaguyod ang pagtatayo ng mga parke at pasyalan sa buong bansa.

#### Dimensyong Panlipunan: Kapayapaan at Kaayusan

19. Gawing krimen para sa sinuman na magdala ng barrel o anumang nakamamatay na sandata sa mga pampublikong lugar, maliban kung ang may dala ay awtorisado, naka-uniporme at nasa oras ng tungkulin; ibalik ang orihinal na mahigpit na parusa para sa ilegal na pagdadala ng barrel; ipatupad ang batas laban sa paggamit ng mga salaming "tinted" sa lahat sasakyan.
20. Isabatas ang pana-panahong pampublikong imbentaryo, pagdekomisyon at pagtunaw ng lahat ng nakumpiskang mga barrel para gawing mapakinabangang mga instrumento.
21. Aktibong itaguyod ang isang malaya-sa-drogang Pilipinas sa pamamagitan ng pagtulong sa pagtuligsa sa mga "drug lords", tagatulak, at gumagamit ng ipinagbabawal na gamot.

#### Dimensyong Panlipunan: Kulturang Politika

22. Wakasan ang gawi na pagtatalaga ng mga dating opisyal militar o pulis bilang Kalihim ng Kagawaran ng Pambansang Panananggol.
23. Huwag pahintulutan ang mga naihalal at naitalagang mga opisyal pampubliko sa pagsulat ng regular na kolum, sa pag-arte sa mga pelikula at programa sa telebisyon, sa pagtatrabaho bilang mga komentaryo o "anchorpersons" sa radyo at telebisyon, at sa

paglabas sa mga komersyal sa TV, radyo at mga "print advertisements" at "billboards".

24. Ihinto ang hindi kanais-nais na gawain na pagtatayo ng mga "billboards" o kahalintulad na midya sa mga pampublikong lugar na tinutukoy ang opisyal pampubliko na siyang responsable sa proyekto.
25. Isakatuparan ang probisyon ng Saligang Batas ukol sa pagbabawal ng "Political Dynasties" o sa mga kamag-anak ng kasalukuyang mga opisyal pampubliko hanggang sa ikatlong antas kaugnay sa pag-upo sa pampublikong puwesto nang sabayan o bilang pagpalit sa dati, at gawing labag sa batas para sa sinumang miyembro ng Senado o ng Kapulungan ng mga Representante na tumakbo para sa isa pang puwesto nang hindi muna nagbibitiw mula sa kanyang posisyon anim na buwan bago ng halalan.
26. Italaga ang mga pambansa at lokal na kandidato (mga pinunong tagapaglingkod) na may mataas na moralidad, may kakayahan at umaayon sa mga layunin at plataporma ng Partido.
27. Isumiti sa mamamayang Filipino ang panukalang amyenda sa Saligang-Batas ng Pilipinas sang-ayon sa mga prinsipyo, pagpapahalaga at layunin ng Partido.

#### Paano naorganisa ang Ang Kapatiran?

Ang kilusang politikal – ang **KPK** (*Kapatiran sa Pangkalahatang Kabutihan*) – ang nagbigay-inspirasyon at nagsilang sa **AKP** bilang partido politikal. Inorganisa ang Partido ng mga pangkaraniwang mamamayan mula sa iba't ibang pananampalataya at ilang mga kasapi ng **KPK** na ang tanging layon, sa pamamagitan ng edukasyon, ang mahubog ang mulat, may ganap na isip, at responsableng mamamayan na pagmumulan ng mga pinunong tagapaglingkod sa bayan. Ang "*Mga Mithiin ng Mamamayang Filipino*" ng **KPK** ang siyang naging plataporma ng **AKP**. Bagamat may sarili at hiwalay na personalidad ang dalawang organisasyong ito, sumasalok ang kanilang mga kasapi sa iisang bisyon – "na gawing alay ang kanilang mga sarili para sa Diyos at sa kapwa."

Ang pagsapi sa Partido ay bukas sa lahat, ano man ang relihiyon at katayuang pang-ekonomiko at panlipunan sa buhay ngunit kinakailangang isaloob at tanggapin ang **KABUUAN** nang pinaninindigan ng Partido. **HINDI** dapat ituring bilang "smorgasboard" ang Plataporma at Pahayag na mga Prinsipyo ng **AKP**. Lahat ng mga kandidato at mga kasapi ng **AKP** ay "isa para sa lahat at lahat para sa isa."

#### **Alliance for the Common Good (Ang Kapatiran Party)**

29 Guerrero Street, Loyola Heights  
1108 Quezon City  
Mobile: (0917) 504-8794

Email: [kapatiranparty@gmail.com](mailto:kapatiranparty@gmail.com)  
Website: [www.kapatiranparty.org](http://www.kapatiranparty.org)

## **ANG KAPATIRAN PARTY**

## **(Alliance for the Common Good)**

*Pambansang Partido Political*

*Rehistrado sa Comelec*

*Naglalayong Itaguyod ang Bagong Uri ng Politika:*

### **ANG POLITIKA**

- **na Batay sa Plataporma**
- **ng Kabutihang Asal**
- **ng Panunungkulan**



### **ANG KAPATIRAN: Ano ito?**

Ang **Alliance for the Common Good** o *Ang Kapatiran Party* (**AKP**) ay isang pambansang partido politikal na rehistrado sa Comelec – may kapangyarihan at kakayahang lumahok sa lokal at nasional na halalan. Ang **AKP** ay naninindigan sa isang plataporma na may malinaw at tiyak na mga layuning pampatakaran, na nakatuon sa pagtataguyod ng pangkalahatang kabutihan, politika ng kabutihang-asal at politika ng panunungkulan.

### **Ano ang sinisikap nitong gawin?**

Sa kasalukuyan, ang uri ng **POLITIKA** natin ay nakabatay sa personalidad, pork barrel, padrino, suhol, panlilinlang, pagkadoble-kara, kawalang-katapatan, at mga kompromisong di-moral. Ang **HALALAN** ay kalimitang naipapanalo sa pamamagitan ng barrel, maton at ginto!

Ang **AKP** ay nakalaang kumilos para sa pangkalahatang kabutihan ng bawat Filipino, anuman ang relihiyon at katayuan sa buhay. Ang **AKP** ay naglalayong gawing epektibong paraan ang politika para sa kabuuang pag-unlad sa halip na gawing kasangkapan ito para sa pagpapayaman ng iilan. Ang **AKP** ay naglalayong makatulong na gawing sangkap ang bawat Filipino sa pagbabago ng lipunan at ng politika upang maisakatuparan ang pamahalaan ng taumbayan, mula sa taumbayan at para sa taumbayan.